



29 Arkitekto



Ang propesyong arkitekto ay para lamang sa mga nakapasa ng board examination.

Ang trabaho nito ay mangasiwa sa pagpapatayo upang mabuo ang nilikhang sariling disenyo katulad ng mga bahay, gusaling pang-opisina, pampublikong gusali at iba. Dahil sa dumarami ang mga dayuhang naninirahan ng pangmatagalan sa Japan, dumarami ang nagpapatayo ng bahay at sariling kompanya. At kung mayroong arkitektong marunong magsalita ng salita ng dayuhan, magiging panatag ang kalooban ng mga dayuhang magpatayo ng bahay o gusali.

Para maging isang arkitekto



< Maagang preparasyon >

Bukod sa mataas na antas ng kaalaman sa Japanese language, kailangan na magaling din sa math at science. Kung nagnanais kumuha ng lisensya para dito, nirerekomenda na piliin ang kursong architecture at civil engineering. Hindi na kinakailangan ng karanasan sa pagtatrabaho halimbawang gustong kumuha ng pagsusulit para sa Level 2 ang mga nakapagtapos kursong architecture at civil engineering. Subalit para sa mga senior highschool na kumuha ng civil engineering (1 taon mahigit) at architecture na kurso, kinakailangan ang 3 taon na karanasan para maging kuwalipikadong kumuha ng eksaminasyon.

< kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho >

Maaaring magtrabaho sa opisina ng architectural firm, taga-gawa ng bahay, construction firm, at ahensya ng pamahalaan. At kung magkaroon na nang maraming karanasan, maaari na ring magtayo ng sariling opisina. Ang suweldo kada taon para sa Level 2 ay 2,000,000-3,000,000 yen at 5,000,000 yen sa Level 1.

< Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)? >

Sa mga national universities, aabutin mahigit 2,400,000 yen (4 na taon), private university mahigit 5,000,000 yen (4na taon). Kung mag-aaral sa vocational schools, aabutin ng mahigit 2,200,000 yen (2 taon).